

NATIONAL BROADBAND PLAN CONNECTING AMERICA

BUOD NG PAGPAPANAP

Ang broadband ay ang malaking hamon sa impra-istruktura ng unang bahagi ng ika-21 siglo.

Tulad ng kuryente isang siglo na ang nakararaan, ang broadband ay isang pundasyon para sa pag-unlad na pangkabuhayan, paglikha ng trabaho, at pandaigdig na kakayahang makipagtagisan at isang mas mabuting paraan ng buhay. Ito ay nagbibigay ng kakayahan sa mga bagong industriya at nagbubukas ng malalawak na bagong mga posilidad para sa mga narito na. Ito ay nagbabago sa paraan na ginagamit natin upang turuan ang sa mga bata, ihatid ng pangangalagang pangkalusugan, pamahalaan ng enerhiya, tiyakin ang kaligtasan ng publiko, makipag-ugnayan sa pamahalaan, at kunin, organisahin at palaganapin ang kaalaman.

Pinatatakbo pangunahin ng pamumuhunan at paggawa ng pagbabago ng pribadong sektor, ang ekosistema ng broadband ng Amerika ay mabilis na sumusulong. Ang bilang ng mga Amerikanong may broadband sa bahay ay dumami mula sa walong milyon noong 2000 patungo sa halos 200 milyon nitong nakaraang taon. Ang lalong nagkakaroon ng kakayahan na pirmihan at naililipat na mga network ay nagpapahintulot sa mga Amerikano na magamit ang dumaraming mahahalagang aplikasyon sa pamamagitan ng gumagawa ng nagbabago na mga kagamitan.

Pero ang broadband sa Amerika ay hindi lahat ng kailangan nitong maging kalagayan. Humigit-kumulang na 100 milyong Amerikano ay walang broadband sa bahay. Ang binigyan-ng-kakayahan ng broadband na teknolohiya ng impormasyon (IT) sa kalusugan ay maaaring magpabuti ng pangangalaga at magpababa ng mga gastos ng daan-daang bilyong dolyar sa mga darating na dekada, pero ang Estados Unidos ay naiiwan ng maraming bansa sa paggamit ng naturang teknolohiya. Magagawa ng broadband na magkaloob sa mga guro ng mga kasangkapan na nagpapahintulot sa mga estudyante na matutuhan ang kaparehong materyal ng kurso sa kalahati ng panahon, pero may kakulangan sa madaling makuhang digital na nilalamang pang-edukasyon na kinakailangan para sa mga naturang pagkakataon. Ang may kakayahan ng broadband na Smart Grid ay maaaring magtaas ng pagiging independiyente at episyente sa enerhiya, pero karamihan ng mga datos na kinakailangan upang makuha ang mga benepisyong ito ay hindi nakukuha ng mga gumagamit, negosyo at namumuhunan. At halos isang dekada pagkaraan ng 9/11, ang ating mga unang tagatugon ay wala pa ring pambuong-bansang madaling ilipat na network ng mga komunikasyon ng broadband, kahit na ang naturang network ay maaaring magpabuti sa pagtugon sa emerhensisyas at seguridad ng sariling bayan.

Pagtupad sa Ipinag-uutos ng Kongreso

Noong unang bahagi ng 2009, ang Kongreso ay nag-utos sa Federal Communications Commission (FCC) na bumuo ng isang Pambansang Plano sa Broadband upang matiyak na ang bawat Amerikano ay “may daan sa kakayahan ng broadband.” Ipinag-utos din ng Kongreso na isama sa planong ito ang isang detalyadong istrategiya para sa pagkakamit ng pagiging abot-kaya at pagpapalaki hanggang maaari ng paggamit ng broadband upang isulong ang “kapakanan ng gumagamit, sibikong paglahok, kaligtasan ng publiko at seguridad ng sariling bayan, pagpapaunlad ng komunidad, paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan, pagiging independiyente at episyente sa enerhiya, edukasyon, pagsasanay ng empleyado, pamumuhunan ng pribadong sektor, aktibidad ng namumuhunan, paglikha ng trabaho at pag-unlad na pangkabuhayan, at ibang mga pambansang layunin.”

Ang mga network ng broadband ay nakakalikha lamang ng halaga sa mga gumagamit at negosyo kapag ang mga ito ay ginagamit nang kasama ang mga kagamitan na may kakayahan ng broadband upang maghatid ng mga nakatutulong na aplikasyon at nilalaman. Upang matupad ng ipinag-uutos ng Kongreso, ang plano ay naghahangad na tiyakin na ang buong ekosistema ng broadband—mga network, mga kagamitan, nilalaman at mga aplikasyon— ay malusog. Ito ay gumagawa ng mga rekomendasyon sa FCC, sa Sangay na Ehekutibo, Kongreso at sa estado at mga lokal na pamahalaan.

Ang Plano

Ang pamahalaan ay makakaimpluwensiya sa ekosistema ng broadband sa apat na paraan:

1. Magdisenyo ng mga patakaran upang tiyakin ang masiglang kompetisyon at, bilang resulta palakihin hanggang maaari ang kapakanan ng gumagamit, paggawa ng pagbabago at pamumuhunan.
2. Tiyakin ang episyenteng paglalaan at pamamahala ng mga pagkontrol o impluwensiya ng pamahalaan sa mga yaman, tulad ng spectrum, mga poste, at mga karapatan-sa-daan, upang himukin ang mga pagpapahusay ng network at pagpasok sa kompetisyon.
3. Repormahin ang kasalukuyang mga mekanismo ng panlahat na serbisyo upang suportahan at paglalagay ng broadband at boses sa mga lugar na malaki ang gastos; at tiyakin na makakaya ng mga Amerikanong maliit ang kita ang broadband; at bilang karagdagan, upang suportahan ang mga pagsisikap na palakasin ang pagpapatibay at paggamit.
4. Repormahin ang mga batas, patakaran, pamantayan at insentibo upang palakihin hanggang maaari ang mga benepisyo ng broadband sa mga sektor na iniimpluwensiyahan nang malaki ng pamahalaan, tulad ng pampublikong edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at mga gawain ng pamahalaan.

1. Pagtatag ng mga patakaran sa kompetisyon. Ang mga tagagawa ng patakaran, kabilang ang FCC, ay may isang malawak na grupo ng mga kasangkapan upang protektahan at himukin ang kompetisyon sa mga pamilihan na bumubuo sa ekosistema ng broadband. mga serbisyo, mga kagamitan, mga aplikasyon at nilalaman ng network. Ang plano ay nagtataglay ng maraming rekomendasyon na magtataguyod ng kompetisyon sa buong ekosistema. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- **Tipunin, suriin, lagyan ng pamantayan at ilathala ang detalyado, pamilihan-sa-pamilihan na impormasyon tungkol sa presyo at kompetisyon sa broadband,** na malamang na magkaroon ng tuwirang tama sa takbo ng kompetisyon (halimbawa, sa pamamagitan ng paglalagay ng pamantayan sa presyo sa buong mga pamilihan sa lugar). Ito ay magbibigay rin ng kakayahan sa FCC at ibang mga ahensiya upang gamitin ang mga angkop na remedyo kapag ang kompetisyon ay walang mga ispesipikong lugar o mga bahagi ng pamilihan.
- **Bumuo ng mga iniaatas sa pagsisiwalat para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng broadband** upang matiyak na ang mga gumagamit ay may impormasyon sa presyo at pagganap na kailangan nila upang mapili ang pinakamahusay na mga alok na broadband sa pamilihan. Ang mas mataas na kalinawan ay hihimok sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na makipagkompetensiya para sa mga parokyano batay sa aktuwal na pagganap.
- **Magsagawa ng isang masaklaw na pagrepaso ng mga panlahat na tuntunin sa kompetisyon** upang makatulong na tiyakin ang kompetisyon sa mga serbisyo sa pirmihan at madaling ilipat na broadband.
- **Palayain at ilaan ang karagdagang spectrum para sa hindi lisensiyadong paggamit,** nagtataguyod ng patuloy na pagbabago at paligsahang pagpasok.
- **Isapanahon ang mga tuntunin para sa specturam ng wireless backhaul** upang itaas ang kapasidad sa mga lugar ng kalunsuran at naaabot sa mga rural na lugar.
- **Pabilisin ang aksyon sa paglilibot ng mga datos** upang malaman kung paano pinakamahusay na makakamit ang malawak, walang-palya at mainpalalabang pagsakop, himukin ang mga tagapagkaloob ng madaling ilipat na broadband na magtayo at gumawa ng mga network, at itaguyod at pagpasok at kompetisyon.
- **Baguhin ang mga tuntunin upang matiyak ang isang paligsahan at gumagawa ng pagbabago na pamilihan ng video set-top box,** upang maging kaayon ng Seksyon 629 ng Batas sa mga Telekomunikasyon. Ang Batas ay nagsasabi na dapat tiyakin ng FCC na nakakamit ng mga tuntunin nito ang isang paligsahang pamilihan sa "mga kagamitan sa nabigasyon" ng video, o mga set-top box—ang mga kagamitan na tinatangkilik ng mga gumagamit upang makuha ang karamihan ng mga video ng pinanonood nila ngayon.
- **Linawin ang utos ng Kongreso na nagpapahintulot sa mga pang-estado at lokal na entidad na magkaloob ng broadband sa kanilang mga komunidad** at gawin ito sa mga paraan na gumagamit ng mga pampublikong kakayahan nang mas epektibo.
- **Linawin ang relasyon sa pagitan ng mga gumagamit at ng kanilang mga online profile upang magawa ang patuloy na pagbabago at kompetisyon sa mga aplikasyon at tiyakin ang pagkapribado ng gumagamit,** kabilang ang mga obligasyon ng mga kompanyang nagtitipon ng mga personal na impormasyon upang pahintulutan ang mga gumagamit na malaman ang impormasyon na tinitipon, sumang-ayon sa naturang pagtitipon, itama ito kung kailangan, at kontrolin ang pagsisiwalat ng naturang personal impormasyon sa mga ikatlong partido.

2. Pagtiyak ng episyenteng paglalaan at paggamit ng mga yamang pag-aari ng pamahalaan at iniimpluwensiyahan ng pamahalaan. Ang pamahalaan ay nagtatatag ng mga patakaran para sa paggamit ng spectrum at nangangasiwa ng daan sa mga poste, conduit, tuktok ng bubong at karapatan-sa-daan, na ginagamit sa paglalagay ng mga network ng broadband. Tinutustusan din ng pamahalaan ang isang malaking bilang ng mga proyekto sa impra-istruktura. Ang pagtiyak na ang mga yaman at kakayahang ito ay inilalaan at pinamahahalaan nang episyente ay makahihimok ng paglalagay ng impra-istruktura ng broadband at pagbaba ng mga hadlang sa pagpasok sa kompetisyon. Ang plano ay nagtataglay ng maraming rekomendasyon upang makamit ang mga hangaring ito. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- **Spectrum** ay isang malaking kontribusyon para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng broadband. Sa kasalukuyan, ang FCC ay may 50 megahertz lamang sa imbentaryo, isang maliit na bahagi lamang ng kakailanganin upang matugunan ang lumalaking pangangailangan. Ang mas episyenteng paglalaan at pagtatalaga ng spectrum ay magbabawas sa mga gastos sa paglalagay, magtutulak na pamumuhunan at pakikinabangan ng mga gumagamit sa pamamagitan ng mas mabuting pagganap at mas mababang mga presyo. Sa mga rekomendasyon sa patakaran sa spectrum ay kabilang ang mga sumusunod:
 - **Gawin ang 500 megahertz ng spectrum na bagong makukuha** para sa broadband sa loob ng 10 taon, na ang 300 megahertz ay dapat ihanda para sa madaling ilipat na paggamit sa loob ng limang taon.
 - **Bigyan ng kakayahan ang mga insentibo at mga mekanismo na ilipat ang spectrum** sa mas naiiaagpang na mga paggamit. Sa mga mekanismo ay kabilang ang mga insentibo sa subasta, na nagpapahintulot sa subasta na magpatuloy upang ibahagi sa isang pantay na paraan sa mga kasalukuyang lisensiyado habang nagbabago ang mga hinihingi ng pamilihan. Ang mga ito ay magbibigay ng pakinabang sa mga humahawak ng spectrum at sa publikong Amerikano. Ang publiko ay maaaring makinabang mula sa karagdagang specturam para sa mga paggamit na mataas ang pangangailangan at mula sa mga bagong kita sa subasta. Ang mga nanunungkulan, samantala, ay maaaring kumilala ng isang bahagi ng halaga ng pagbibigay ng kakayahan sa mga bagong paggamit ng spectrum. Halimbawa, ito ay magpapahintulot sa FCC na ibahagi ang mga nalikom sa subasta sa mga broadcaster na boluntaryong gumamit ng teknolohiya upang ipagpatuloy ang tradisyunal na mga serbisyong broadcast nang may kaunting spectrum.
 - **Tiyakin ang mas malaking kalinawan** sa paglalaan, pagtatalaga at paggamit ng spectrum sa pamamagitan ng nilikha-ng-FCC na dashboard ng spectrum upang itaguyod ang episyenteng sekundaryong pamilihan.
 - **Palawakin ang mga pagkakataon para sa gumagawa ng pagbabago na mga huwaran sa paggamit** sa pamamagitan ng mga bagong paraan para sa ayon sa pagkakataon at hindi lisensiyadong paggamit ng spectrum at pagtataas ng pananaliksik sa bagong teknolohiya ng spectrum.
- **Impra-istruktura** tulad ng mga poste, conduit, tuktok ng bubong at mga karapatan-sa-daan ay gumaganap ng mahalagang papel sa mga nagpapatakbo sa mga

network ng broadband. Ang pagtiyak na ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ay makakagamit ng mga kakayahang ito nang episyente at sa mga makatarungang presyo ay maaaring magtulak ng mga pagpapahusay at magpabilis ng pagpasok sa kompetisyon. Bilang karagdagan, ang mga testbed ay maaaring magtulak ng paggawa ng pagbabago ng susunod-na-henerasyon na mga aplikasyon at, sa huli, maaaring magtaguyod ng paglalagay ng impra-istruktura. Sa mga rekomendasyon upang isagad ang paggamit ng impra-istruktura ay kabilang ang:

- **Itatag ang mababa at mas unipormeng mga presyo ng renta para sa paggamit ng mga poste**, at gawing payak at pabilisin ang proseso para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na ikabit ang mga pasilidad sa mga poste.
- **Pabutihin ang pamamahala ng mga karapatan-sa-daan para sa pagtitipid ng gastos at oras**, na nagtataguyod ng paggamit ng mga pederal na pasilidad para sa broadband, pinabibilis ang paglutas ng mga hidwaan at tinutukoy at itinatatag ang mga patnubay sa “mga pinakamahusay na gawain” para sa mga patakaran sa mga karapatan-sa-daan at mga gawain sa fee na kaayon ng paglalagay ng broadband.
- **Pabilisin ang konstruksiyon ng episyenteng bagong impra-istruktura**, kabilang ang sa pamamagitan ng mga patakarang “maghukay-minsan” na gagawa ng pederal na pagtustos ng mga proyekto sa haywey, daan at tulay na batay sa mga estado at lokalidad na nagpapahintulot ng pinagsamang paglalagay ng impra-istruktura ng broadband.
- **Magkaloob ng sukduhan-ang-bilis na pagkunekta ng broadband sa mga piling instalasyon ng Kagawaran ng Depensa ng Estados Unidos** upang magawa ang pagbuo ng susunod-na-henerasyon na mga aplikasyon ng broadband para sa mga tauhan ng militar at sa kanilang mga pamilya na ninirahan sa base.

3. Paglikha ng mga insentibo para sa kahandaan at paggamit ng lahat sa broadband. Ang mga elementong ito ay dapat itatag upang matiyak na ang lahat ng mga Amerikano ay may pagkakataon na anihin ang mga benepisyo ng broadband. Lahat ng mga Amerikano ay dapat magkaroon ng daan sa paggamit ng serbisyo ng broadband na may sapat na mga kakayahan, dapat makaya ng lahat ang broadband at dapat magkaroon ng pagkakataon ang lahat na magkaroon ng kasanayan sa paggamit ng karunungan digital upang magamit ang broadband. Sa mga rekomendasyon upang itaguyod ang panlahat na paglalagay at paggamit ng broadband ay kasama ang mga sumusunod:

- **Tiyakin ang daan sa paggamit ng lahat sa mga serbisyo ng network ng broadband.**
 - **Likhain ang Connect America Fund (CAF)** upang suportahan ang pagkaloob ng abot-kayang broadband at boses na may hindi kukulangin sa 4 Mbps na *aktuwa* ng mga bilis ng download at maglipat ng hanggang \$15.5 bilyon sa loob ng susunod na dekada mula sa kasalukuyang programa na Universal Service Fund (USF) upang suportahan ang broadband. Kung nais ng Kongreso na pabilisin ang paglalagay ng broadband sa mga lugar na hindi sapat na napaglilingkuran at pakinisin ang paglipat sa Pondo, maaari nitong ihanda ang mga

pampublikong pondo na ilang bilyong dolyar kada taon sa loob ng dalawa o tatlong taon.

- **Lumikha ng Pondo sa Madaling Paglipat upang magkaloob ng nakaasintang pagpopondo** upang tiyakin na walang mga estado na naiwan nang malaki sa pambansang pagsakop para sa pagsakop ng 3G wireless. Ang naturang pagsakop na 3G ay inaasahan ng marami na magiging batayan para sa footprint sa hinaharap ng mga network ng 4G mobile broadband.
- **Ilipat ang “pamanang” Mataas-ang-Halaga na sangkap ng USF** sa loob ng susunod na 10 taon at ilipat ang lahat ng mga kakayahan sa mga bagong pondo. Ang \$4.6 bilyon kada taon na Mataas ang Halaga na sangkap ng USF ay idinisenyo upang suportahan pangunahin ang mga serbisyo ng boses. Ito ay papalitan sa paglipas ng panahon ng CAF.
- **Repormahin ang kabayaran sa intercarrier**, na nagkaloob ng lubos na mga pagtustos sa mga kompanya ng telepono sa pamamagitan ng pag-aals ng kada-minutong singil sa loob ng susunod na 10 taon at hayaan ang sapat na pagbawi ng gastos sa pamamagitan ng CAF.
- **Idisenyo ang bagong Connect America Fund at Mobility Fund sa isang episyente-sa-buwis na paraan** upang paliitin hanggang maaari ang sukat ng puwang sa kahandaan ng broadband at kaya babawasan ang mga kontribusyon ng mga gumagamit.
- **Palawakin ang base ng kontribusyon ng USF** upang matiyak na ang USF ay namamalaging masusuportahan sa paglipas ng panahon.
- **Lumikha ng mga mekanismo upang matiyak na makukuha ng mga Amerikanong maliit ang kita.**
- **Palawakin ang mga programang Lifeline at Link-Up sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga pagtustos na ipinagkakaloob sa mga Amerikanong maliit ang kita upang gamitin para sa broadband.**
 - **Isaalang-alang ang paglisensiya sa isang bloke ng spectrum na may kondisyon na mag-alay ng libre o murang serbisyo** na lilikha ng mga abot-kayang panghalili para sa mga gumagamit, binabawasan ang pasanin ng USF.
- **Tiyakin na ang bawat Amerikano ay may pagkakataon na magkaroon ng karunungan digital.**
 - **Ilunsad ang isang Pambansang Pangkat sa Karunungan Digital** upang mag-organisa at magsanay ng mga kabataan at may sapat na gulang upang magturo ng mga kasanayan sa karunungan digital at bigyan ng kakayahan ang mga programa ng pribadong sektor na tumutugon sa pagsira ng mga hadlang sa paggamit.

4. Pagsasapanahon ng mga patakaran, pagtatakda ng mga pamantayan, at pag-aangkop ng mga insentibo upang palakihin hanggang maaari ang paggamit para sa mga pambansang priyoridad. Ang pederal, Pantribo, pang-estado at lokal na mga pamahalaan ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa maraming sektor ng ating ekonomiya. Ang pamahalaan ay ang pinakamalaking tagabayad sa pangangalagang

pangkalusugan sa bansa, nagpapatakbo ng sistema ng pampublikong edukasyon, nangangasiwa sa maraming bahagi ng industriya ng enerhiya, nagkakaloob ng maraming serbisyo sa mga mamamayan nito at may pangunahing responsibilidad para sa seguridad ng sariling bayan. Kabilang sa plano ang mga rekomendasyong idinisenyo upang magkaroon ng mas maraming paggamit, pamumuhunan at paggawa ng pagbabago ng pribadong sektor sa mga lugar na ito. Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:

- **Pangangalagang pangkalusugan.** Ang broadband ay nakakatulong na pabutihin ang kalidad at ibaba ang halaga ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng IT sa kalusugan at pinabuting pagkuha at paggamit ng mga datos, na magbibigay ng daan sa mas malinaw na pagkaunawa sa mga pinakaepektibong paggamot at proseso. Upang makamit ang mga layuning ito, ang plano ay may mga rekomendasyon na:
 - Tumulong na tiyakin na ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay may daan sa abot-kayang broadband sa pamamagitan ng pagbabago sa Programang Rural na Pangangalagang Pangkalusugan ng FCC.
 - Lumikha ng mga insentibo para sa paggamit sa pamamagitan ng pagpapalawak na pagbabayad para sa e-care.
 - Tanggalin ang mga hadlang sa e-care sa pamamagitan ng pagsasamoderno sa mga regulasyon na tulad ng pag-aproba ng kagamitan, pagbibigay ng kredensiyal, pagkakaloob ng pribilehiyo at paglilisensiya.
 - Itulak ang gumagawa ng pagbabago na mga aplikasyon at mataas na mga pagsusuri sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga pasyente ay may kontrol sa mga datos sa kanilang kalusugan at pagtiyak na paggamit ng bawat isa sa mga datos.
- **Edukasyon.** Ang broadband ay maaaring makagawa ng mga pagpapabuti sa pampublikong edukasyon sa pamamagitan ng e-learning at online na nilalaman, na maaaring magkaloob ng mas inaangkop sa kakayahan na mga pagkakataon para sa mga estudyante. Ang broadband ay maaari ring magpabilis ng daloy ng impormasyon, tumutulong sa mga guro, magulang, paaralan at ibang mga organisasyon na gumawa ng mas mabuting mga desisyon na kaugnay ng pangangailangan at kakayahan ng bawat estudyante. Sa mga layuning ito, sa plano ay kabilang ang mga rekomendasyon na:
 - Pabutihin ang pagkunekta sa mga paaralan at aklatan sa pamamagitan ng programang E-Rate ng FCC upang itaas ang kakayahang mag-agpang, pabutihin ang pagiging episyente ng programa at itaguyod ang paggawa ng pagbabago sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pinakamabisang solusyon at pagpopondo sa pagkunekta ng wireless sa mga kagamitan sa pag-aaral na iniiuwi ng mga estudyante.
 - Pabilisin ang online na pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng kakayahang lumikha ng mga sistema ng digital na nilalaman at pag-aaral, pagtanggap sa mga hadlang na kaugnay na regulasyon at pagtataguyod ng karunungan digital.
 - Iangkop sa kakayahan ang pag-aaral at pabutihin ang paggawa ng desisyon sa pamamagitan ng pagtataguyod ng paggamit ng elektronikong mga

rekord na pang-edukasyon at pagpapabuti ng kalinawan sa mga datos sa pananalapi ng edukasyon.

- **Enerhiya at ang kapaligiran.** Ang broadband ay maaaring gumanap ng malaking tungkulin sa paglipat patungo sa isang ekonomiya ng malinis na enerhiya. Magagamit ng Amerika ang mga pagbabagong ito upang bawasan ang polusyon ng karbon, pabutihin ang ating pagiging episyente sa enerhiya at bawasan ang ating pagdepene sa langis na ibang bansa. Upang makamit ang mga layuning ito, ang plano ay may mga rekomendasyon na:
 - Isamoderno ang electric grid sa pamamagitan ng broadband, gawin itong mas maaasahan at episyente.
 - Maglabas ng pagbabago sa enerhiya sa mga bahay at gusali sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga datos sa enerhiya ay madaling makukuha ng mga gumagamit.
 - Pabutihin ang pagiging episyente sa enerhiya at tama sa kapaligiran ng sektor ng ICT.
- **Pagkakataong pangkabuhayan.** Ang broadband ay maaaring magpalawak ng daan sa mga trabaho at pagsasanay, suportahan ang pamumuhunan at pag-unlad ng maliit na negosyo at palakasin ang mga pagsisikap sa pagpapaunlad ng komunidad. Sa plano ay kabilang ang mga rekomendasyon na:
 - Suportahan ang pagpili ng broadband at paggamit ng maliliit na negosyo ng mga serbisyo at mga aplikasyon ng broadband upang itulak ang paglikha ng trabaho, pag-unlad at mga pagtaas ng pagiging produktibo.
 - Palawakin ang mga pagkakataon para sa pagsasanay at paglalagay sa trabaho sa pamamagitan ng online na plataporma.
 - Isama ang pagtasa at pagpapalano sa broadband sa mga pagsisikap para sa pagpapaunlad na pangkabuhayan.
- **Pagganap ng pamahalaan at sibikong paglahok.** Sa loob ng pamahalaan, ang broadband ay maaaring magtulak na mas higit na pagiging episyente at pagiging epektibo sa paghahatid ng serbisyo at mga panloob na pagpapatakbo. Ito ay maaari ring magpabuti ng dami at kalidad ng sibikong paglahok sa pamamagitan ng pagkakaloob ng isang plataporma para sa makabuluhang paglahok ng mga kinatawan at ahensiya. Sa pamamagitan ng sarili nitong paggamit ng broadband, ang pamahalaan ay makakasuporta sa mga lokal na pagsisikap na ilagay ang broadband, partikular sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran. Upang makamit ang mga hangaring ito, sa plano ay kabilang ang mga rekomendasyon na:
 - Pahintulutan at estado at mga lokal na pamahalaan na bumili ng broadband mula sa mga pederal na kontrata tulad ng Networx.
 - Pabutihin ang pagganap at pagpapatakbo ng pamahalaan sa pamamagitan ng cloud computing, cybersecurity, ligtas na pagpapatunay at paghahatid ng online sa serbisyo.

- Itaas ang sibikong paglahok sa pamamagitan ng paggawa sa pamahalaan na mas bukas at malinaw, lilikha ng isang matatag na ekosistema ng pampublikong media at magsasamoderno sa demokratikong proseso.
- **Kaligtasan ng publiko at seguridad sa sariling bayan.** Ang broadband ay maaaring magpalakas ng mga pagsisikap na pabutihin ang kaligtasan ng publiko at seguridad ng sariling bayan sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga unang tagatugon na magpadala at tumanggap ng video at mga datos, sa pamamagitan ng pagtiyak na ang lahat ng mga Amerikano ay makakagamit ng emerhensiyang serbisyo at pagpapabuti ng paraan na ang mga Amerikano ay binibigyan ng paunawa tungkol sa mga emerhensiya. Upang makamit ang mga layuning ito, sa plano ay kabilang ang mga rekomendasyon na:
 - Suportahan ang paglalagay ng isang pambuong-bansa, napapatakbo ng bawat isa na network ng madaling ilipat na broadband sa kaligtasan ng publiko, na may pagpopondo na hanggang \$6.5 bilyon sa mga kapital na paggasta sa loob ng 10 taon, na maaaring bawasan sa pamamagitan ng mga hakbang na episyente sa paggasta at ibang mga programa. Ang karagdagang pagpopondo ay iaatas para sa mga gastos sa pagpapatakbo.
 - Itaguyod ang pagbabago sa pagpapaunlad at paglalagay ng susunod-na-henerasyon na mga sistema ng 911 at alerto sa emerhensiya.
 - Itaguyod ang cybersecurity at napakahalagang kakayahang iligtas ang impra-istruktura upang itaas ang tiwala, kumpiyansa ng gumagamit at paggamit ng mga komunikasyon ng broadband.

Mga Pangmatagalang Hangarin

Bilang karagdagan sa mga rekomendasyon sa itaas, ang plano ay nagrerekomenda na ang bansa ay magpatibay at sumubaybay sa mga sumusunod na anim na hangarin upang maglingkod bilang isang compass sa susunod na dekada.

Hangarin Blg. 1: Hindi kukulangin sa 100 milyong bahay sa Estados Unidos ay dapat magkaroon ng abot-kayang daan sa aktuwal na mga bilis ng download ng hindi kukulangin sa 00 megabits kada segundo at aktuwal na mga bilis ng upload na hindi kukulangin sa 50 megabits kada segundo.

Hangarin Blg. 2: Ang Estados Unidos ay dapat manguna sa mundo sa pagbabago sa madaling ilipat, may pinakamabilis at pinakamalawak na mga network ng wireless sa alinmang bansa.

Hangarin Blg. 3: Ang bawat Amerikano ay dapat magkaroon ng abot-kayang daan sa masiglang serbisyo ng broadband, at ng mga paraan at kakayahan na gumamit kung piliin nila.

Hangarin Blg. 4: Ang bawat Amerikano ay dapat magkaroon ng abot-kayang daan sa hindi kukulangin sa 1 gigabit kada segundo na serbisyo ng broadband upang

angklahan ang mga institusyon na tulad ng mga paaralan, ospital at mga gusali ng pamahalaan.

Hangarin Blg. 5: Upang matiyak ang kaligtasan ng mga Amerikano, ang bawat unang tagatugon ay dapat magkaroon ng daan sa paggamit ng pambuong-bansa, wireless, nagagamit ng bawat isang broadband na network ng kaligtasan ng publiko.

Hangarin Blg. 6: Upang matiyak na ang Amerika ay nangunguna sa ekonomiya ng malinis na enerhiya, ang bawat Amerikano ay dapat makagamit ng broadband at subaybayan at pamahalaan ang kanilang tunay-na-oras na paggamit ng enerhiya.

Ang pagtupad sa anim na hangaring ito ay makakatulong na makamit ang utos ng Kongreso na paggamit ng broadband upang makamit ang mga pambansang layunin, habang pinabubuti ang mga nagpapatakbo sa paglalagay at pagpapatibay ng paggamit. Sa partikular, ang unang dalawang hangarin ay lilikha ng pinakaaktibong pamilihan sa mundo para sa mga aplikasyon, kagamitan at impra-istruktura ng broadband at titiyak na ang Amerika ay may impra-istruktura upang akitin ang mga nangungunang komunikasyon at mga aplikasyon, kagamitan at teknolohiya ng IT. Ang ikatlong hangarin, samantala, ay titiyak na ang bawat Amerikano ay may pagkakataon na samantalhin ang mga benepisyong iniaalay ng broadband, kabilang ang mas mabuting pangangalagang pangalusugan, mas mabuting edukasyon, daan sa mas malaking bilang ng mga pagkakataong pangkabuhayan at mas malaking sibikong paglahok.

Tama sa Plano sa Badyet

Sa hangarin ng plano na palayain ang 500 megahertz ng spectrum, ang mga subasta ng wireless sa hinaharap ay mangangahulugan na ang kabuuang plano ay niyutral sa kita, kung hindi man positibo sa kita. Ang karamihan ng mga rekomendasyon ay hindi nag-aatas ng bagong pagpopondo ng pamahalaan; sa halip, ang mga ito ay naghahangad na itulak ang mga pagpapabuti sa pagiging episyente ng pamahalaan, inaayos ang mga proseso at hinihimok ang pribadong aktibidad upang itaguyod ang kapakanan ng gumagamit at mga pambansang priyoridad. Ang mga paghiling ng pagpopondo ay iniuugnay sa kaligtasan ng publiko, paglalagay sa mga lugar na hindi sapat na napaglilinguran at mga pagsisikap para sa pagpapatibay ng paggamit. Kung ang mga rekomendasyon sa subasta sa spectrum ay ipinatupad, ang plano ay malamang na mapalitan ang maaaring maging mga gastos.

Pagpapatupad

Ang plano ay nasa beta, at laging magiging gayon. Tulad ng mismong Internet, ang plano ay laging magbabago—iaakma sa mga bagong pangyayari sa mga teknolohiya, nagpapakita ng mga bagong realidad, at sumusulong upang makamit ang mga hindi nakita sa una na mga pagkakataon ng isang partikular na panahon. Bilang gayon, ang pagpapatupad ay nangangailangan ng pangmatagalang pagtatalaga ng sarili sa pagsukat ng mga progreso at pag-aakma ng mga programa at patakaran upang pabutihin ang pagganap.

Kalahati ng mga rekomendasyon sa planong ito ay iniaalok sa FCC. Upang simulan ang pagpapatupad, ang FCC ay:

- Mabilis na maglalathala ng takdang panahon ng mga pamamaraan upang ipatupad ang mga rekomendasyon sa plano sa loob ng awtoridad nito.
- Ilathala ang pagtaya ng progreso at pagiging epektibo ng plano bilang bahagi ng taunang 706 na Pagtatanong sa Mataas na Serbisyo.
- Lumikha ng isang Hulugan ng mga Datos ng Broadband bilang isang tagatulong para sa impormasyon tungkol sa broadband.

Ang natitirang kalahati ng mga rekomendasyon ay iniaalok sa Sangay na Ehekutibo, Kongreso at estado at mga lokal na pamahalaan. Ang mga tagagawa ng patakaran, kung nag-iisa, ay hindi makakatiyak ng tagumpay. Ang industriya, di-nagtutubo, at pamahalaan kasama ang mga tao ng Amerika, ay dapat kumikos ngayon at tugunan ang hamon sa impra-istruktura ng ating panahon.